


MAPEH (Arts)

Ikalawang Markahan – Modyul 4: Makulay na Mundo Para sa Iyo



MAPEH (Arts) – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 4: Makulay na Mundo Para sa Iyo
Ikalawang Edisyon, 2021

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Rogelio B. Cagol	
Editors:	Eden Lynne V. Lopez, Maria Caridad de Leon-Ruedas, Don Bernardo L. Gapasin	
Tagasuri:	Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Corazon V. Abapo, Nestor A. Castaños Jr.	
Tagaguhit:	Rogelio B. Cagol	
Tagalapat:	Eden Lynne V. Lopez	
Tagapamahala:	Ramir B. Uytico	Raul D. Agban
	Arnulfo M. Balane	Lorelei B. Masias
	Rosemarie M. Guino	David E. Hermano, Jr.
	Joy B. Bihag	Shirley L. Godoy
	Ryan R. Tiu	Eva D. Divino
	Nova P. Jorge	Jo-Ann C. Rapada

Inilimbag sa Pilipinas ng _____
Department of Education – Region VIII
Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 – 832-2997
E-mail Address: region8@deped.gov

5

MAPEH (Arts)

**Ikalawang Markahan – Modyul 4:
Makulay na Mundo Para sa Iyo**

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Tayo ay nabibiyayaan ng isang mundong punong-puno ng mga makukulay na kapaligiran. Kahit saan natin ibaling ang ating paningin ay wala tayong maiipintas sa mala paraisong sansinukob na tinawag nating tahanan. Ang mga magagandang tanawin na makikita natin sa kalikasan tulad ng asul na karagatan, berdeng kabundukan, makukulay na mga bulaklak at luntiang kapatagan ay iilan lamang sa mga bagay sa paligid na maaari nating gawing likhang sining na tatawagin nating *landscape*. Ang landscape ay isang likhang sining na nagpapakita sa likas na ganda ng ating kapaligiran.

Sa pagpipinta ng landscape, ang mainam na gamitin ang komplementaryong kulay. Ang kumplementaryong kulay ay ang magkasalungat na kulay na matatagpuan sa *color wheel*. Sa pamamagitan ng maayos na paggamit nito sa pagpipinta nagkakaroon ng harmonya ang nilikhang-sining.

Sa modyul na ito ay matutunan nating maiguhit gamit ang *complementary colors* ang landscape sa sariling pamayanan (A5PL-IIe) at inaaasahang makamit ang mga sumusunod:

- a. Natutukoy ang mga complementary colors sa pagpinta ng landscape.
- b. Naiguguhit gamit ang complementary colors ang landscape sa sariling pamayanan.
- c. Nahahangaan ang isang likhang sining ng kilalang Pilipinong landscape painter.



Subukin

Panuto: Tukuyin ang komplementaryo na kulay sa mga sumusunod. Isulat ang sagot sa patlang.

- | | |
|-----------------|---------|
| 1. Pula | - _____ |
| 2. Asul | - _____ |
| 3. Dilaw | - _____ |
| 4. Berde | - _____ |
| 5. Lila | - _____ |
| 6. Kahel | - _____ |
| 7. Pulang Kahel | - _____ |
| 8. Asul Lila | - _____ |
| 9. Pulang Lila | - _____ |
| 10. Dilaw Berde | - _____ |

Aralin

1

Arts: Makulay na Mundo Para Sa Iyo


Sa pagpipinta ng landscape ay mainam na gamitin ang komplementaryong kulay. Ang komplementaryong kulay ay ang direktang magkaharap na kulay na matatagpuan sa *color wheel*.



Balikan

Ang kulay ay isang napakahalagang elemento ng sining, ito ang ating natutunan sa modyul 3. Ang mga kulay ang nagbibigay buhay sa mga larawan at painting. Nagiging makatotohanan ang mga larawan kapag kinukulayan ito ng maayos. Ang mga kulay ay maaaring primary, secondary o tertiary. Ang secondary colors ay makukuha sa pamamagitan ng paghahalo ng dalawang primary colors, habang ang tertiary colors ay makukuha sa pamamagitan ng paghahalo ng primary at secondary colors na magkatabi sa color wheel.

Buuin ang graphic organizer sa ibaba. Isulat ang sagot sa patlang na may bilang.










Tuklasin






Isagawa ang Gawain sa ibaba para malaman natin kung handa na ba kayo sa kasunod na aralin.

Panuto: Pagtapatin ang kulay sa Hanay A at Hanay B. Tiyakin na ang pinagtapat ninyo na kulay ay komplementaryo na kulay (complementary color). Idugtong ang dalawang kulay gamit ang linya.

Hanay A

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

Hanay B







- a. 
- b. 
- c. 
- d. 
- e. 



Suriin

Ang mga kulay na direktang magkaharap sa *color wheel* ay tinatawag ng mga komplementaryo na kulay (complementary color). Kapag ipinaghalo ang mga ito, makabubuo ng kulay abo, kayumanggi at itim. Pero kung gagamitin ito na kumbinasyon sa pagkukulay, ito ay makapagbibigay ng kakaibang ganda sa gawaing sining lalo na at ilalapat ang iba pang elemento at prinsipyo sa paggawa ng likhang-sining.



Mga halimbawa ng mga Komplementaryong Kulay (Complementary Colors)			
	Kahel at Asul		Dilaw Kahel at Asul Lila
	Pula at Berde		Pulang Lila at Dilaw Berde
	Dilaw at Lila		Pulang Kahel at Asul Berde



Pagyamanin

Gawain 1.


Panuto: Tukuyin kung ano ang komplementaryo sa mga kulay na nakalista sa loob ng kahon. Ibatay ang iyong sagot sa color wheel chart na kaliwang bahagi ng kahon. Isulat ang sagot sa loob ng kahon.



1. Dilaw Berde –
2. Dilaw –
3. Dilaw Kahel –
4. Pula –
5. Asul –

Gawain 2.

Makikita mo sa ibaba ang isang landscape. Matatagpuan dito ang mga bagay-bagay na likas sa ating kapaligiran. Kulayan ito gamit ang mga komplementaryo na kulay.



Gawain 3.

- Nasa ibaba ang isang halimbawa ng landscape painting na gawa ni Juan Luna, isang dakilang pintor na Pilipino na mayroong mahalagang naiambag sa kasaysayan ng bansa. Ito ay kasalukuyang naka display sa National Museum of Visual Arts. Sumulat ng isang maikling talata na nagpapahayag ng iyong paghanga sa likhang sining na ito at sa may likha nito. Isulat ito sa mga linya sa ibaba.





Isaisip


Ang natutunan ko sa araling na ito ay _____

Bilang isang Pilipino dapat tayo ay _____



Isagawa

Iguhit sa loob ng kahon ang isang landscape na makikita sa iyong sariling kumunidad at kulayan ito gamit ang mga komplementaryo na kulay. Sumangguni sa rubriks na makikita sa “Tayahin” bilang gabay sa pagbibigay ng puntos.





Tayahin

Isulat sa patlang ang **C** kung ang mga kulay na nakalista ay komplementaryo (complementary), at **HC** naman kung hindi komplementaryo.

___ 1. Pula at Puti

___ 6. Dilaw at Asul

___ 2. Berde at Pula

___ 7. Kahil at Asul

___ 3. Asul at Kahel

___ 8. Pula at Berde

___ 4. Itim at Puti

___ 9. Dilaw at Kahel

___ 5. Lila at Dilaw

___ 10. Itim at Asul

Rubrik para sa Pagguhit ng Landscape

Pagkahalintulad	Masing na pamamaraan	Kalalabasan
5- sadyang kahalintulad ng landscape ang naiguhit.	5- tamang kulay at tekstura ang ipinakikita	5- kayaayang tingnan ang naiguhit
3- hindi gaanong magkahalintulad ng landscape ang naiguhit	3- hindi gaanong malinaw ang mga kulay at tekstura	3- hindi gaanong kaayaayang tingnan
2- halatang hindi magkahalintulad ng landscape ang naiguhit	2- hindi nailapat ng wasto ang kulay at tekstura	2- halatang hindi kaayaayang tingnan ang naiguhit.



Karagdagang Gawain

Gamit ang mga lumang magazine, gumawa ng collage ng isang landscape gamit ang ibat ibang mga larawan. Idikit ito sa isang papel.



Susi sa Pagwawasto

PAGYAMANIN

Gawain 2

Ang output ay depend sa creativity ng mga mag-aaral

Gawain 3

Ang output ay depend sa creativity ng mga mag-aaral

ISAISIP

Ang sagot ay depend sa ideya ng mga mag-aaral

ISAGAWA

Sumangguni sa Rubrik sa Pagguhit ng Landscape” sa pahina 7

TAYAHIN

1. HC
2. C
3. C
4. HC
5. C
6. HC
7. C
8. C
9. HC
10. HC

KARAGDAGANG GAWAIN

Ang output ay depend sa creativity ng mga mag-aaral

SUBUKIN

1. Berde (Green)
2. Kahel (Orange)
3. Lila (Violet)
4. Pula (Red)
5. Dilaw (Yellow)
6. Asul/Bughaw (Blue)
7. Asul Berde (Blue Green)
8. Dilaw Kahel (Yellow Orange)
9. Dilaw Berde (Yellow Green)
10. Pulang Lila (Red Violet)

BALIKAN

1. Primary
2. asul/bughaw (blue)
3. dilaw (yellow)
4. kahel (orange)
5. Tertiary
6. Any of the following is correct:
 - ✓ pulang kahel (red orange)
 - ✓ dilaw kahel (yellow orange)
 - ✓ asul berde (blue green)
 - ✓ asul lila (blue violet)
 - ✓ pulang lila (red violet)

TUKLASIN

1. e
2. a
3. c
4. d
5. b

PAGYAMANIN

Gawain 1

1. Pulang Lila (Red Violet)
2. Lila (Violet)
3. Asul Lila (Blue Violet)
4. Berde (Green)
5. Kahel (Orange)

Sanggunian

Colorwheel - *Wikimedia Commons*. (2020, July 4). Retrieved from Google: Wikimedia.Org. <https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Colorwheel.svg>.

K-12 Curriculum. (2016). *Arts Teacher Guide - Yunit II Aralin 2*.

Web Stock Review - Color Wheel. (2020, July 4). Retrieved from Google: <https://webstockreview.net/explore/colors-clipart-color-wheel/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph